Article

# Ang "Abkd" ni Pepe: Isang Pundamental na Pagsusuri sa Diwang Pang-Edukasyon ng Pambansang Bayani

***Palmo R. Iya, PhD***
De La Salle University – Dasmariñas

## Abstrak

Malaki ang pagpapahalaga ni Gat Jose P. Rizal sa edukasyon bilang susi sa pagbabago ng lipunan at sa pagkakamit ng kalayaan ng sambayanan. Litaw ito sa mga isinulat niyang mga tula, sanaysay, liham, at mga nobela. Layunin ng saliksik na ito na suriin ang diwang pang-edukasyon ng pambansang bayani sa paraang payak at pundamental gamit ang akronim na "**ABKD**" na kinakatawanan ng apat na mahahalagang konsepto: 1. **A** – para sa **A**sal ng mga mag-aaral, 2. **B** – para sa **B**uháy na kurikulum, 3. **K** – para sa **K**arapatan at **K**alayaan at 4. **D** – para sa **D**edikasyon at **D**unong ng guro. Magsisilbing sandigan at balangkas ang apat na konseptong ito sa paglalatag at paghihimay ng diwang pang-edukasyon ng pambansang bayani na magmumula mismo sa kanyang mga piling akda at sa kanyang pagtatayo ng paaralan sa Talisay, Dapitan, Zamboanga del Norte sa Mindanao.

**Mga Susing Salita:** asal, buháy na kurikulum, karapatan at kalayaan, dedikasyon at dunong, diwang pang-edukasyon

## Panimula

Malaki ang pagpapahalaga ni Gat Jose P. Rizal sa edukasyon bilang susi sa pagbabago ng lipunan at sa pagkakamit ng kalayaan ng sambayanan. Litaw ito sa mga isinulat niyang mga tula, sanaysay, liham, at mga nobela. Sa tulang *Por la Educación Recibe Lustre la Patria* ("Sa

©2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
CC BY-NC-ND

Edukasyon ay Magtatamo ng Liwanag ang Bansa”) na isinulat niya noong Abril 1, 1876 habang siya’y isang mag-aaral pa ng Ateneo, naniniwala na si Rizal sa mahalagang papel ng edukasyon sa kalagayan at kaunlaran ng isang bansa (Zaide at Zaide 1997, 48). Noong 1879 nang siya ay labingwalong taong gulang, ang kanyang tulang *A la Juventud Filipina* (“Sa Kabataang Pilipino”) na nanalo sa isang patimpalak ay naglalaman ng mga hamon at kahilingan sa mga kabataang Pilipino na maging mulat at gising sa mga nangyayari sa kanilang paligid at gamitin ang kanilang talino sa sining at agham (na walang iba kundi ang edukasyon) upang maging malaya (Rivera et al. 2002, 28).

Tinurol din ni Rizal sa kanyang sanaysay na *Sobre La Indolencia de los Filipinos* (“Tungkol Sa Katamaran ng mga Pilipino”) na maliban sa kalayaan, ang solusyon sa pagbabago at pag-unlad ng bansa ay walang iba kundi ang matinong edukasyon (Corpuz et al. 1988, 211). Mababakas din sa sanaysay na *Filipinas Dentro de Cien Años* (“Ang Pilipinas sa Loob ng Sandaang Taon”) ang argumento ni Rizal na kapag ang edukasyon (pagtuturo) at kalayaan ay patuloy na ipagkakait ng mga Español sa mga Pilipino, ang huli ay maghahanap ng kaliwanagan sa ibang lupain nang lingid sa España at magsisikap silang magkaroon sa anomang paraan ng kaginhawaan para sa kanilang bayan (237). Sa sanaysay ring ito, isiniwalat ng pambansang bayani ang kanyang tipikal na mentalidad at prinsipyo bilang isang ilustrado na makakamit lamang ang tunay na pagbabago sa lipunan kapag ang laban ukol dito ay pangungunahan ng pawang mga nakapag-aral o edukadong Pilipino (226). Ipinaliwanag naman ni Rizal sa kanyang “Liham sa mga Dalagang Taga-Malolos” na edukasyon ang dahilan kung bakit ang Europa at Amerika ay maunlad at makapangyarihan dahil sa kanilang mga babaeng may pinag-aralan, matapang, at malaya (Romero 1978, 203; Corpuz et al. 1988, 280).

Higit sa lahat, ang mismong dalawang obra maestrang nobela ni Rizal ay punong-puno ng mga tala hinggil sa pagpapahalaga ni Rizal sa edukasyon. Ang pangunahing tauhan sa *Noli Me Tangere* (1887) na si Crisostomo Ibarra ay pinayuhan ng kanyang amang si Don Rafael Ibarra

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

na mag-aral sa Europa upang magkaroon ng isang malaya at maginhawang buhay sa hinaharap (Rivera et al. 2002, 67). Sa kanyang pagbabalik matapos ang pitong taong pag-aaral sa Europa, sinalubong siya ng naghuhumindig na katotohanan ng kamatayan ng kanyang pinakamamahal na ama. Ngunit sa kabila ng malagim na trahedyang ito, hindi nakalimutan ni Ibarra ang idealismo ng kanyang yumaong ama – ang pagpapahalaga sa edukasyon upang makamit ang pagbabago at kalayaan sa lipunan. Kanyang ipinanukala ang pagtatayo ng isang paaralan na ang mga gastusin ay magmumula mismo sa kanyang sariling bulsa (Rivera et al. 2002, 63). Masusumpungan sa mga sumusunod na kabanata ng *Noli* ang diwang pang-edukasyon ni Rizal: Kabanata 19 – Pakikipagsapalaran ng isang Guro, Kabanata 26 – Sa Bahay ng Pilosopo, at Kabanata 33 – Ang Kabriya.

Sa nobelang *El Filibusterismo* (1891), muling binuhay ni Rizal ang pagpapahalaga niya sa edukasyon sa pamamagitan ng prinsipyo ng dalawang ulirang kabataang mag-aaral sa katauhan nina Basilio at Isagani. Si Basilio, sa kabila ng kahirapan ay nagsikap na makapag-aral sa Maynila (Letran, Ateneo, at Santo Tomas) sa paniniwalang edukasyon lamang ang susi upang maranasan ang maginhawang buhay. Ang makatang si Isagani ay bahagi ng idealismo ng kabataang pangarap ni Rizal na walang ibang inaasam kundi ang pagbabago, pag-unlad, at paglaya ng Pilipinas gamit ang tanglaw ng edukasyon (187). Ang mga sumusunod na kabanata sa *Fili* ay tumatalakay sa diwang pang-edukasyon ni Rizal: Kabanata 12 – Placido Penitente, Kabatana 13 – Klase sa Pisika, Kabanata 14 – Sa Bahay ng mga Estudyante, at Kabanata 27 – Ang Prayle at ang Filipino.

Maging sa itinatag na ligang sibiko ni Rizal na *La Liga Filipina* (1892), lantad ang pagpapahalaga ng pambansang bayani sa edukasyon. Ang ikaapat na layunin ng *Liga*,[1] gaya ng isinasaad ng Konstitusyon nito

[1] Ang limang (5) layunin ng *La Liga Filipina* ni Rizal ay ang mga sumusunod: 1. Mapag-isa ang buong kapuluan sa isang katawang buo, malakas, at magkakauri; 2. Proteksyon ng bawat isa para sa pangangailangan ng bawat isa; 3. Pagtatanggol laban sa lahat ng karahasan at kawalang katarungan; 4. Pagpapaunlad sa edukasyon, agrikultura, at pangangalakal; at 5. Pag-aaral at pagpapairal ng mga pagbabago (Zaide at Zaide 1997, 264-265).

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

ay ang pagpapaunlad sa edukasyon, agrikultura, at pangangalakal (Zaide at Zaide 1997, 265). Sa kanyang pagkadestiyero sa Dapitan, pinatunayan niya na nakasalalay nga sa isang matinong edukasyon ang pagbabago at pag-unlad ng bayan. At noong Disyembre 15, 1896, labing limang araw bago siya barilin sa Bagumbayan (Luneta ngayon), sumulat si Rizal ng isang “Manipesto” sa kanyang mga kababayang Pilipino na tigilan na ang di-kailangang pagdanak ng dugo at makipaglaban para sa kalayaan sa pamamagitan ng edukasyon at pagsisikap. Ani Rizal:

> “Aking mga kababayan: Mayroon na akong patunay, higit kaninoman, sa paghahangad ng mga kalayaan para sa ating bansa, at hanggang ngayon ay ito pa rin ang aking hangarin. Ngunit naniniwala akong ang edukasyon ng taumbayan ang dapat maging batayan nang sa pamamagitan ng edukasyon at pagsisikap ay magkaroon ng sariling personalidad at maging karapat-dapat sa mga kalayaan.” (*Manipesto sa Taumbayan*, Disyembre 15, 1896 sa Zaide at Zaide 1997, 317)

Lilihis ang saliksik na ito sa karaniwan nang pagtingin sa diwang pang-edukasyon ni Rizal na ginamitan ng mga paradimong pilosopikal at historikal gaya ng mga akda nina Floro Quibuyen (2011),[2] Camilo Osias (1921),[3] at Guillermo Q. Roman, Jr., Wensley M. Reyes, Minda C. Valencia, at Nerissa S. Tantengco (2014)[4]. Nilalayon nitong suriin ang diwang pang-edukasyon ng pambansang bayani sa paraang payak at pundamental gamit ang akronim na “**ABKD**” na kinakatawanan ng apat

---

[2] Ang artikulo ni Quibuyen (2011) na pinamagatng *Rizal’s Legacy for the 21st Century: Progressive Education, Social Entrepreneurship and Community Development in Dapitan* ay naglalahad ng mahahalagang naiambag ni Rizal sa panlipunang pag-unlad ng Dapitan, isang liblib na bayan sa Mindanao na nasa pangangasiwa ng mga misyonerong Heswita. Haylayt sa artikulo ang kontribusyon ni Rizal sa larang ng edukasyon lalong-lalo na sa pagtatatag ng paaralang progresibo para sa kanyang panahon.

[3] Noong 1921, isinulat ni Camilo Osias ang *Rizal and Education* na naglalahad ng ilang mga pilosopiya ni Rizal patungkol sa papel ng edukasyon sa pagpapalaya ng sambayanan.

[4] Isang pagsisiyasat at paghahayag tungkol sa pilosopiyang pang-edukasyon ni Rizal na itinuturing na isang Pilosopiyang Pilipino sa edukasyon ang saliksik nina Roman, G., et. al. (2014) na may pamagat na *Pilosopiyang Pang-edukasyon ni Rizal: Isang Pilosopiyang Pilipino sa Edukasyon*. Gumamit ang mga may-akda ng teoretikal na balangkas upang mapalitaw at masuri ang pilosopiyang pang-edukasyon ni Rizal na nakaugat sa mga akda at ginawa ng pambansang bayani.

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

na mahahalagang konsepto: 1. **A** – para sa **A**sal ng mga mag-aaral, 2. **B** – para sa **B**uháy na kurikulum, 3. **K** – para sa **K**arapatan at **K**alayaan at 4. **D** – para sa **D**edikasyon at **D**unong ng guro. Magsisilbing sandigan at balangkas ang apat na konseptong ito sa paglalatag at paghihimay ng diwang pang-edukasyon ng pambansang bayani na magmumula mismo sa kanyang mga piling akda at sa kanyang pagtatayo ng paaralan sa Talisay, Dapitan, Zamboanga del Norte sa Mindanao.

## Asal ng mga Mag-Aaral sa Paaralan

Batid ni Rizal na ang paaralan ang pisikal na kumakatawan sa edukasyon. Ang paaralan ang institusyon ng lipunan na nagpapanukala, nagbabahagi, nagpapalaganap, at nagpapaunlad ng edukasyon sa lipunan. Direktang resulta ng impluwensya ng paaralan sa lipunan ang kabuuang natatamo ng bayan sa aspekto ng kultura, pulitika, kabuhayan, pag-uugali, at kaasalan. (Roman et al. 2014, 99). Litaw ang prinsipyong ito sa mga kuwento ng mga karakter sa dalawang nobela ng pambansang bayani na may kaugnayan sa paaralan – sa mga namamahala, mga mag-aaral, mga pananaw, at patakarang pang-edukasyon at panlipunan.

Sa pagtatayo ng paaralan sa bayan ng San Diego na siyang pinakabukod-tanging proyekto ni Ibarra, isiniwalat ni Rizal sa katauhan ng Alkalde ng nasabing bayan na "ang eskuwelahan (paaralan) ang batayan ng isang lipunan, ang eskuwelahan ang librong kasusulatan ng kinabukasan ng mga mamamayan. Kung ano ang uri ng eskuwelahan, gayundin ang uri ng bayan" (*Noli Me Tangere*, Kabanata 32). Samakatwid, kung ang paaralan ang saligan ng lipunan, ang edukasyon ng isang bayan ang saligan ng bayang iyon.

Ngunit bakit nga ba itinayo ang mga paaralan? Para kanino nga ba ang mga ito? Hindi ba dahil at para sa mga tuturuang mag-aaral? Kung may iba pa mang tugon sa mga tanong na ito, lilitaw pa rin na ang pangunahing dahilan ng pagkakaroon ng mga paaralan ay ang mga mag-aaral na dapat mahubog ang mga kaisipan, kakayanan, at kasanayan alang-alang sa kapakanan ng lipunan. Kaya naman hindi nakapagtatakang

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

sa pagtatayo ni Rizal ng paaralan sa Talisay, Dapitan, naging maingat at sistematiko siya sa pagpili ng mga mag-aaral na papasok dito. Hindi lahat ng kabataan sa Dapitan na nagnanais pumasok upang maturuan ay tinanggap ni Rizal. Mayroon siyang hinahanap sa mga ito – ang kanilang asal o pag-uugali (Abaya-Ulindang 2003, 70).

Kay Rizal, ang pangunahing konsiderasyon upang tanggapin niya ang isang aplikanteng kabataan na magiging mag-aaral ay ang pagkakaroon nito ng mabuti at tamang asal, kalooban, gawi, ugali, prinsipyo o kilos. May tatlong mabubuting asal na hinahanap si Rizal sa mga aplikanteng kabataan: 1. masipag, dahil lahat ng mga mag-aaral ay may gagawin, lahat ay may trabaho – magtatanim at magsasaka, mag-aalaga ng baboy, manok, itik, pabo, at iba pang mga hayop; 2. matapat, sapagkat ang mga taong matapat lamang ani Rizal ang maaaring manguna o mamuno; at 3. matapang, dahil para sa pambansang bayani, matatapang lamang ang maaaring magtagumpay sa lupaing gaya ng Pilipinas. Naniniwala si Rizal na walang saysay ang edukasyon kung walang taglay na tapang ang isang mag-aaral (Abaya-Ulindang 2003, 70).

Nagkaroon ng dalawampu’t tatlong (23) mag-aaral si Rizal sa Talisay, Dapitan subalit labing-anim (16) lamang ang tumagal at ang iba’y tumigil lamang ng ilang buwan (Abaya-Ulindang 2003, 69). Ang kasipagan, katapatan, at katapangan ay ipinamalas ng mga kabataang mag-aaral sa pagbubungkal ng lupa at pag-aalaga ng mga hayop. Ang pag-aaral ng agrikultura at wastong asal ay ganap na isinanib sa pormal na pagtuturo ng mga akademikong asignatura at sa pagpapaunlad ng tiwala at pag-asa sa sarili sa pamamagitan ng boksing, eskrima, paglangoy, mahirap na paglalakbay, pamamangka, at iba pang makabuluhang gawain.

Katangi-tangi ang huling pagsusulit at pagsubok para makapasok sa paaralan ni Rizal sa Dapitan. Hindi sapat na maipamalas lamang ang kasipagan, katapatan, at maging ang katalinuhan ng isang bata. Higit sa lahat, kailangang subukin ang kanyang katapangan. Kapag may bagong

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

papasok na nagtataglay ng sapat na talino, palihim na sisenyasan ni Rizal ang mga nanga-unang mag-aaral (pumasa na sa pagsubok) upang ihanda ang panghuling pagsubok. Sa pagsapit ng takip-silim, ipapasyal ni Rizal ang hindi naghihinalang aplikante sa lambak, at sa isang tukoy na lugar (malapit sa tuktok ng gulod) ay sadyang iiwanan niya ang kanyang tungkod na nakahilig sa isang punong balete. Magkasabay silang babalik sa bahay kapag madilim na at walang sinumang mag-aaral ang makakakita. Pagkatapos ay bigla niyang maaalala na nawawala ang kanyang tungkod, maaalala kung saan niya ito naiwanan at pakikiusapan ang bata kung makukuha niya ito para sa kanya. Ang aplikanteng bata na alam naman kung saan ang punong baleteng kinaroroonan ng tungkod ay kailangang pumunta, subalit sa mga sandaling iyon ay madilim na madilim na ang paligid. Bago makarating sa punong balete na nasa tuktok ng gulod, madadaanan niya ang isang bukal na pinaniniwalaang tinitirhan ng masasamang ispiritu at mga maligno. Inaari namang tirahan ng mga kapre ang punong balete na ang sinomang makapagpagalit dito'y kayang-kayang itapon sa malayo dahil sa sobrang laki, tangkad, at lakas nito. Ang lambak na tila dati'y pagkaganda-ganda, ngayon ay naging isang kakila-kilabot nang lugar. May maririnig na mga kakaibang ingay sa madilim na gabi. Sa magkabilang dako ay may sari-saring liwanag na lumalabas na nagmumula sa mga sulo at ilawang dala-dala ng mga nakapasa nang mag-aaral. Minsan ang mga liwanag ay nasa unahan at minsan nama'y nasa likuran. Madalas ay may makikitang mga pakpak ng mahiwagang panggabing ibon na bigla na lamang papagaspas sa harapan ng sinomang naglalakad. Para sa isang batang lumaki sa lipunang naniniwala sa mga ispiritu at mga alamat, ang gayong senaryo ay nakakatakot. Maraming batang lalaki ang nagkandarapa sa pagtakbo at habol ang hiningang babalik sa bahay at sasabihing hindi nila natagpuan ang tungkod. Sasabihin ni Rizal na hindi na bale subali't kinabukasan ay pauuwiin na ang mga ito taglay ang sulat sa kanilang mga magulang na nagsasabing nalulungkot siya subali't wala na diumanong bakante sa kanyang paaralaan. Subalit ang totoo'y hindi nakapasa ang mga anak nila dahil sa kaduwagan. Kapag naibalik ng aplikanteng bata ang tungkod, pasasalamatan naman siya ni Rizal at sa kinabukasan, ay sasabihin niya sa bata na maaari na siyang sumama sa mga naunang mag-aaral. Tanging

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

sa panahong napanagumpayan ng bata ang pangamba o takot sa kanyang sarili at mapatunayang karapat-dapat siyang maging mag-aaral sa paaralan ni Rizal ay doon pa lamang ibubunyag sa kanya ang lihim ng pagsubok. Muling ipapakita at ipapaliwanag sa kanya ni Rizal kung papaano siya natanggap at tuturuan siya kung ano ang mga gagawin kapag mayroon na namang bagong bata na nais pumasok (Abaya-Ulindang 2003, 70-71).

Mapapansin sa tulang *Imno sa Talisay* ang asal o katangian ng pagiging matapang sa mga nagtagumpay na mag-aaral ni Rizal sa Dapitan:

“Kami’y mga batang walang katakutan,
Sa sigwa, sa kulog, maging sa ulan man;
Bisig nami’t mukha’y panatag at laan,
Nakahandang lagi sa pakikilaban.
Ang tawag sa ami’y mga “Talisaynon,”
Kaluluwa’y dakila, katawan ma’y sahol,
Dito sa Dapita’t sa iba mang nayon,
Talisay ang walang pinapanginoon.”
(Rizal 1895, *Imno sa Talisay* sa Corpuz et al. 1988, 339-340)

## Buháy na Kurikulum

Bilang tagapagtaguyod ng reporma sa lipunan gamit ang tanglaw ng edukasyon, inilahad at ipinakita ni Rizal sa kanyang mga akda at sa mismong itinayo niyang paaralan ang isang progresibong edukasyon na may buháy na kurikulum – edukasyong aktibo dahil ang mga kursong pinag-aaralan ay tumutugon sa pangangailangan ng bayan, siyentipiko, pantao at makatao, mapagpalaya, at nagpapalaya. Itinataguyod ng progresibong edukasyon na may buháy na kurikulum ang prinsipyong ang paaralan ay integral na bahagi ng buhay ng mga tao sa pamayanan. Ito’y naniniwala na ang edukasyon ay lalong nagiging mabunga at makatuturan kung ang mga mag-aaral ay natututo at gumagawa para sa ikauunlad ng pamayanang kinabibilangan (Quibuyen 2011, 5).

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

Layunin ng itinayong paaralan ni Rizal sa Dapitan na turuan at linangin ang mga kabataan upang maging instrumento sa pag-unlad ng bayan ng Dapitan at makatugon sa hamon ng panahon. Upang matugunan ang layuning ito, ang mga asignatura o kursong pinag-aaralan ng kanyang mga mag-aaral ay may kinalaman sa mga gawaing industriyal, pagpapalakas ng katawan, moral, at akademiko. Ang pagtuturo at paglinang ng mga asal ng kasipagan, katapatan, at katapangan ay isinama sa pagtuturo ng mga akademikong asignatura gaya ng matematika, kasaysayan, agham, sining, at mga wika. Pinatotohanan ito ng isang saknong sa tulang *Imno sa Talisay*:

Mga suliranin ng agham na ganap,
Pinag-aaralan naming lahat-lahat
Apat na wika ma'y aming mabibigkas
Kaugnay ng puso'y ng isip na tapat,
Mga bisig nami'y sabay sa paghawak
Ng kampi't, araro't ng aming panulat,
Ng pikong pambato, ng baril at itak
Kasama ng mga lalaking malakas.
(Rizal 1895, *Imno sa Talisay*, sa Corpuz et al. 1988, 340)

Kapansin-pansin sa tula na ang paaralan ni Rizal sa Dapitan ay gumagamit ng metodong pagtatanong, pagtutuklas, at paglulutas ng mga suliranin ng mga agham o kursong pinag-aaralan na mga katangian ng isang progresibong edukasyon na may buháy na kurikulum. Samakatwid, taliwas ang metodo ni Rizal kung ihahalintulad sa metodo na umiiral sa mga paaralang parokyal na itinayo ng mga Espanyol na nakapundar sa pagsasaulo ng mga aralin.

Katangian din ng progresibong edukasyon na may buháy na kurikulum ang pagkakaroon ng aktibong partisipasyon ng mga magulang sa pagkatuto ng kanilang mga anak. Pinangatwiranan ni Rizal sa kanyang tulang *Himno Al Trabajo* o "Awit sa Paggawa" (1888) na sa pamamagitan ng inang nagtuturo sa kanyang mga anak, nagiging maayos ang tahanan

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

at lipunan. Kaya ang payo niya, "dapat na maipunla ng mga ina at ng mga magulang sa isipan ng kanilang mga anak ang binhi ng karunungan, ang magandang asal at higit sa lahat, ang pag-ibig sa tinubuang lupa" (Zaide at Zaide 1997, 149). Sa tula ring ito, kanyang inilahad kung paano tinuruan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paggawa at kung paano tumugon ang mga anak sa pagtuturo sa kanila ng kanilang mga magulang. Idiniin din ni Rizal na huwag nang mag-antay at umasa ang mga Pilipinong guminhawa pa kung hindi lang naman nagagampanan ng mga ina ang kanilang responsibilidad sa pagtuturo at pagpapalaki sa kanilang mga anak (Rizal 1889, "Liham sa mga Dalagang Taga-Malolos"). Kaya itinambad niya ang katotohanan sa kanyang panahon na naging lugami ang mga bansang Asyano gaya ng Pilipinas sanhi ng maling pagpapalaki ng mga magulang (lalo na ng mga ina) sa kanilang mga anak – ibig sabihin, hindi naturuan ng wasto ng mga magulang ang mga anak sa tahanan. Sa tunay na buhay, naranasan ni Rizal ang napakahalagang ginagampanan ng tahanan sa paglago ng bata. Siya mismo, bago pumasok sa Biñan at Maynila ay naturuan na ng kanyang mga magulang kasama ng kanyang nakakatandang mga kapatid at mapagmalasakit na mga tiyuhin.

Samakatwid, ang *raison d'etre* ng pagtatayo ni Rizal ng paaralang may buháy na kurikulum sa Dapitan ay upang makabuo ng mga mamamayang produktibo, disiplinado, at marangal na handang maglingkod at mag-alay ng buhay para sa kapakanan at kagalingan ng Inang Bayan gaya ng masusumpungan sa kanyang "Awit sa Paggawa" (1888):

Koro:
Para sa 'ting bayang nasa digmaan,
Para sa 'ting bayang nasa kapayaan
Mga Pilipino'y magiging handa,
Habang siya'y nabubuhay at kapag namatay.

Mga Batang Lalaki:

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
CC BY-NC-ND

Turuan n'yo kami, mahihirap na gawain
Dahil balang araw kami na ang tutugon
Sa tawag ng pinakamamahal na bayan
Kanyang tunguhin ating isakatutuparan.
Nawa'y kapag tayo'y nakita ng nakatatanda,
Pagmasdan! Sila'y karapat-dapat sa pinagmulan!
Kamanyang, di magbibigay-parangal sa nasawi
Nang tulad sa pangarap ng isang matapang na anak.
(Rizal 1888, "Awit sa Paggawa" sa Zaide at Zaide 1997, 149)

## Karapatan at Kalayaan

Ang edukasyon ay karapatan ng bawat mamamayan at hindi pribilehiyo lamang ng iilan. Ito ang isang natatanging paninindigan ni Rizal sa progresibong edukasyon. Sa kanyang liham kay Ferdinand Blumentritt noong Marso 13, 1893, sinabi niya ang tungkol sa itinayo niyang paaralan sa Talisay, Dapitan na ang mga mag-aaral ay walang ibinabayad na matrikula. Sa halip, sila ay nagtatrabaho sa kanyang halamanan, bukid, at mga proyektong pangkomunidad (Zaide at Zaide 1997, 280-281).

Kaakibat ng prinsipyo ng libreng edukasyon, naniniwala si Rizal bilang isang mason, na ang edukasyon ay dapat maging malaya at nagpapalaya. Sa panayam na pinamagatang *Science, Virtue, and Labor* (1889), kanyang idiniin sa harapan ng mga opisyal at kasaping mason ng Lohiya Solidaridad sa Madrid, España na ang tungkulin ng makabagong tao ay ang pagpapalaya sa sangkatauhan. Tunghayan ang mahalagang bahagi ng nasabing panayam:

> "Ang tungkulin ng makabagong tao, sa aking pag-iisip, ay tungo sa katubusan (pagpapalaya) sa sangkatauhan dahil kapag ang tao ay may dignidad, mababawasan ang mga sawimpalad at mas darami ang masayang tao sa buhay na ito. Ang sangkatauhan ay hindi matutubos (makakalaya) kung mayroong lumuluha, hangga't may mga isipang ipininid at

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

> mga matang binulag na nabibigay sa iba ng karapatang mamuhay gaya ng mga sultan na sila lamang ang may karapatan sa kasayahan at kagandahan. Ang sangkatauhan ay hindi matutubos habang ang katwiran ay hindi malaya, habang iginigiit ng pananampalataya ang sarili sa katotohanan, habang ang mga kapritso ay nagiging batas, at habang may mga bansang sumasakop sa iba.” (Rizal 1889, *Science, Virtue, and Labor* sa Zaide at Zaide 1997, 82-83)

Samakatwid, susi ang edukasyon upang matigpas ang galamay ng kamangmangan at makalaya sa tanikala ng opresyon ng mga nananakop na dayuhan (Roman et al. 2014, 104).

May mahalagang papel din ang pagkakaroon at paggamit ng sariling wika[5] sa pagtatamo ng edukasyong malaya at nagpapalaya. Wika ni Rizal sa pamamagitan ni Simoun:

> “Ano ang gagawin ninyo sa wikang Kastila, kayong iilan na gagamit nito? Patayin ang sariling katutubo; ipailalim ang inyong sariling isipan sa ibang pag-iisip at sa halip na kayo ay maging malaya ay gawing lubos ang inyong pagkaalipin? ... Nalilimutan ninyo na habang napag-iingatan ng isang bayan ang kanyang wika ay angkin niya ang sagisag ng kanyang kalayaan. Ang wika ay diwa ng bayan.” (*El Filibusterismo*, Kabanata 7)

Maliwanag sa tinurang ito ng pambansang bayani ang papel ng ating sariling wika sa ating pambansang kalayaan. Ang wika ay diwa ng bayan sapagkat ito ang nagsisilbing sisidlan ng ating pambansang kaluluwa. Wika ang gabay ng ating pagkatao, ang kompas ng ating pagka-Pilipino. Kapag ito’y nabihag sa pamamagitan ng walang tigil na pambubusabos, para na rin nating isinuko ang lahat ng aspeto ng ating buong katauhan

[5] May apat (4) na mga wikang pinag-aaralan ang mga mag-aaral ni Rizal sa Dapitan: 1. Tagalog, Cebuano (Bisaya), Español, at Ingles.

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

(David 1988, 3-4). Maliban dito, ang pagpapahalaga ni Rizal sa katutubong wika ay hindi lamang sa dahilang bahagi ito ng kabansaan kung hindi isa ring pagpapahalaga sa wikang inari mismo ni Pedro Chirino (patukoy sa wikang Tagalog) na isa sa mga wika sa mundong may mga angking klasikong katangian (Gotiangco Jr. II 2001, 22).

Maging ang pag-aaral ng sariling kasaysayan ay itinuturing din ni Rizal na pangunahing susi sa pagkakaroon ng edukasyong malaya at nagpapalaya. Kanyang inirekomenda na pag-aralan ang kasaysayan at heograpiya ng Pilipinas (Rizal 1992, 13). Upang makamit ang hinahangad na pagbabago at pag-unlad, upang maranasan ang ganap na kalayaan at kaginhawaan, ipinapayo ng pambansang bayani na buksan ang aklat ng nakaraan – pag-aralan dapat ng mga Pilipino ang kanilang kasaysayan (Rizal 1889, "Ang Pilipinas sa Loob ng Sandaang Taon" sa Corpuz et al. 1988, 213). Sa pamamagitan ng pag-aaral ng sariling kasaysayan, makikita ng mga Pilipino ang kagitingan at kadakilaan ng kanilang pinagmulang lahi. Ito ang dahilan kung bakit pinag-aksayahan ng panahon ng pambansang bayani na gawan ng anotasyon ang *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio de Morga sa London, dahil pinagtibay ng aklat na ito na bago pa man dumating ang mga mananakop na Espanyol, ang mga sinaunang Pilipino ay may mataas na antas na ng kabihasnan (halimbawa: may maunlad na kalakalan sa iba't-ibang panig ng Asya, may maunlad na sistema ng pakikipagdigma, may mataas na antas ng sining at agham, may sistema ng pagsusulat, may sistema ng relihiyon at moralidad na kapantay ng mga mauunlad na bansa sa panahong iyon) taliwas sa paratang ng maraming Espanyol na diumano'y barbaro at hindi sibilisado ang mga sinaunang Pilipino (Rizal 1890).

Bahagi ng proseso ng pagbabago ang pagpairal ng mataas na pagtingin ng bawat Pilipino sa kanilang sariling kasaysayan, kultura (kasama na ang sariling wika), at pagkakilanlan. Sa pagtatamo ng hinahangad na ganap na paglaya't pag-unlad, kailangan ng mga Pilipinong tingnan ang kanilang lahi na kapantay ng iba pang lahi. Tinukoy ni Rizal sa kanyang sanaysay, "Tungkol sa Katamaran ng mga Pilipino," na walang aasahang paggalang ang mga Pilipino mula sa mga

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

banyaga hangga't hindi nila naibabalik ang dangal, kalikhaan, at tapang na nagpabantog sa kanila bago dumating ang mga kanluranin. Sa mismong panahon ng bayani, umusbong na ang kolonyal na mentalidad. Ang panlipunang sakit na ito ay binatikos niya sa kanyang nobela sa katauhan nina Doña Victorina at Doña Consolacion (Gotiangco Jr. II 2001, 24-25).

Dahil sa hilig sa kasaysayan, nabatid ni Rizal ang maaaring maganap sa hinaharap. Noon pa mang 1889, sa kanyang sanaysay "Ang Pilipinas sa Loob ng 100 Taon," nahulaan niya na magwawakas ang kolonyal na pamamahala ng mga Espanyol sa Pilipinas dahil sa himagsikang magaganap. Nahulaan niya ring hindi lubos na magiging malaya ang Pilipinas dahil may darating na panibagong mananakop na maghahari naman sa mga Pilipino – walang ibang bansang tinukoy ang pambansang bayani na mananakop sa Pilipinas pagkatapos ng España kundi ang imperyalistang Estados Unidos. Bunga nito, kanyang isinama sa kurikulum ng kanyang itinayong paaralan sa Dapitan ang pag-aaral ng wikang Ingles. Tila hindi makatotohanang magturo ng wikang Ingles sa paaralang nasa malayo at liblib na lugar kagaya ng Dapitan, subalit talastas ni Rizal ang kasaysayan ng pagpasok at pagtatatag ng mga kompanya at pabrikang pag-aari ng mga dayuhang Ingles, Amerikano, at iba pang Europeong mangangalakal sa Maynila noon pa mang 1870's na nagbigay ng maraming oportunidad at higit na maayos na trabaho sa mga katutubo (Sturtevant 1976, 33). Taglay ang abanteng pag-iisip dulot ng kanyang pagiging mahiligin sa kasaysayan, nabatid ni Rizal ang magiging kalakaran at mangyayari sa kinabukasan. Nang dumating sa Dapitan ang mga Amerikano, makalipas ang ilang taon, sila'y nagulat nang matagpuan nilang maraming kabataang lalaki ang nagsasalita ng wikang Ingles.

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
CC BY-NC-ND

## Dedikasyon at Dunong ng Guro

Maliban sa mga mag-aaral at pisikal na katangian ng paaralan, ang dedikado at marunong na guro[6] ang isa sa pinakamahalagang saligan ng mahusay na paaralan. Para kay Rizal, kung walang dedikasyon at dunong ang guro, mabuti pang huwag na lang siyang magturo. Inilahad niya ito sa Kabanata 19 ng kanyang nobelang *Noli Me Tangere* sa ginampanang papel ng isang Pilipinong guro sa Tiani. Ang gurong ito ay may napakalaking dedikasyon at malasakit sa pagtuturo upang lubos na matuto ang kanyang mga mag-aaral. Bilang guro, inalam niya ang mga problema sa pagkatuto ng mga bata at pilit hinanapan ng solusyon. Gumagamit din siya ng ibat-ibang paraan upang maging mabisa ang kanyang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod sa paggamit ng lakas at dunong, nagagawa niya pang gugulin ang kanyang kakarampot na sahod para lamang mapabuti ang pagkatuto ng mga tinuturuan. Maging ang pang-iinsulto ni Padre Damaso at ang banta nitong tatanggalin siya sa kanyang trabaho bilang guro kapag tinutulan niyang gamitin ang pamalo at pagpapakabisa sa mga mag-aaral ng mga aklat at katesismong pangrelihyon (*Noli Me Tangere*, Kabanata 19).

Sa kabila ng diskriminasyon, panlalait, suliraning pinansyal (maliban sa kakarampot lamang na sahod, pahirapan pa ang pagkuha ng suweldo), walang maayos na paaralan, at walang sapat na mga kagamitan at libro, ang nabanggit na Pilipinong guro ay nanatiling dedikado at matapat sa kanyang piniling propesyon. Nagsilbing hamon ang pangmamaliit at pang-iinsulto sa kanya ng kura upang pag-aralan niya ang wikang Español araw at gabi hanggang sa ang wikang ito ay lubos niyang naunawaan. Kanyang isinalin sa katutubong wika ang wikang Español na pinag-aaralan upang higit na maunawaan ng kanyang mga mag-aaral

[6] Sa guro nakasentro ang saliksik na ito bilang isa sa pinakamahalagang saligan ng paaralan. Gayunpaman, kasama ng mga guro ang pamunuan o administrasyon ng paaralan sa pagpapairal ng ideyal, mahusay, at progresibong edukasyon. Binigyan diin din ni Rizal, ang mahalagang papel ng mga namumuno sa edukasyon upang maisakatuparan ang pagkakaroon ng mataas at mahusay na edukasyon (Roman et al. 2014, 109). Sa pamamagitan ni Isagani, binanggit ang malaki at mahalagang pananagutan ng mga tagapamahala ng edukasyon sa sambayanang Pilipino at sa sangkatauhan, lalo na sa mga kabataan na: a. pagbutihin ang kaisipan at pangangatawan ng binhing kabataan, at b. sanayin silang matamo ang kaligayahan upang makalikha ng bayang marangal, maunlad, matalino, mabuti, dakila at tapat (*El Filibusterismo*, Kabanata 27).

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

(*Noli Me Tangere*, Kabanata 19). Nagkaroon ng malaking interes sa pag-aaral ang mga batang mag-aaral at natutunan nila ang wikang Español na may pag-unawa. Ito ang pagsasakabuluhan ng edukasyon, ang paggamit ng sariling wika upang higit pang maintindihan ang mga pinag-aaralan.

Ibinunyag din ni Rizal sa Kabanata 19 ng *Noli*, ang mabisang metodo ng pagtuturo at kung paano maibahagi ang pagkatuto sa mga mag-aaral. Kay Rizal, dapat maging tungkulin at layunin ng bawat guro na mapukaw at mahikayat ang mga mag-aaral na palabasin ang kanilang ganap na talino, galing, at kakayanan sa pamamagitan ng paglikha sa silid-aralan na maging isang kawili-wiling lugar o "palaruan ng pag-iisip" (*playground of the mind*) at hindi maging isang "impiyerno" dahil sa pamalo. Pag-amin ni Rizal sa katauhan ng Pilipinong guro:

> "Ako'y napaniwala na ang pamalo ang siyang tanging mahusay na pamamaraan sa pagkatuto. Subalit ngayon, hindi na gayon. Napag-isip-isip kong hindi lamang inilalayo nito ang bata sa paglago, siya'y pinapabansot pa nito. Ako'y naniniwala na imposibleng makapag-isip ng matino ang bata kung ang ihaharap sa kanya ay pamalo sa tuwing di niya masagot ang tanong o kaya'y di niya magawa ang isang bagay na pinapagawa sa kanya ng guro. Ito'y magbubunga lamang ng pagkabagabag, takot o pangamba at higit sa lahat, pagpigil sa paglago ng pag-iisip at imahinasyon ng bata na siyang dapat malinang sapagkat ito (imahinasyon, pag-iisip) ang kahanga-hangang bagay sa bata. Ako'y naniniwala na bago ang lahat, kailangan kong maipundar ang kanilang tiwala, ang kanilang seguridad at paggalang sa sarili. Sisikapin kong magiging masaya at maaliwalas ang silid at magawang 'palaruan ng isip' ang paaralan. Kung ang bata ay hindi natuto ng kanyang leksyon, isisisi ko ito sa kakulangan ng kanyang pagsisikap at hindi sa kahinaan ng kanyang utak." (Salin sa Filipino ng may-akda mula sa Rizal, *Noli Me Tangere* ni Guerrero 1995, 91)

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND

Ang isang dedikado at marunong na guro ay may bukas na isipan, may paggalang sa dignidad ng mag-aaral, at nagtataguyod ng katarungan. Inaasahang may kabatiran ang guro sa Edukasyong Sikolohiya – may mahabang pasensya at pang-unawa at talos niya ang likas at bakgrawnd ng kanyang mga mag-aaral. Malikhain at maalam dapat siya sa makabago at makabuluhang istratehiya sa pagtuturo na gumagamit ng sistema ng gantimpala o meritokrasya upang kanyang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral nang sa ganoon ay maunawaan ng mga ito ang konsepto at kahalagahan ng kanilang mga pinag-aaralan. Sa pamamagitan nito, boluntaryong mabibigkis ang guro at ang kanyang mga mag-aaral sa larangan ng malaya at tunay na pagkatuto bunga ng pagkakaroon ng isang propesyunal na kapaligirang umiiral ang paggalang sa isa't-isa.

## Kongklusyon

Inilahad at sinuri ng saliksik na ito ang diwang pang-edukasyon ni Rizal sa paraang payak at pundamental gamit ang apat na konsepto: 1. **A**sal ng mga mag-aaral, 2. **B**uháy na kurikulum, 3. **K**arapatan sa edukasyong mapagpalaya, at 4. **D**edikasyon at dunong ng guro. Lumabas ang mga konseptong ito sa mga akda ng pambansang bayani at sa kanya mismong karanasan noong siya ay nagtayo ng paaralan sa Talisay, Dapitan. Ang diwang pang-edukasyong ito ni Rizal ay nagpapatunay na isa siyang *prodigy* – isang taong napakahusay at abante sa kanyang panahon. Resulta ito ng kanyang natamong edukasyon mula sa kanyang tahanan at sa mga paaralang pormal na napasukan niya sa loob at labas ng Pilipinas.

Sa apat na konseptong ito, nananalig si Rizal na susi ang matinong edukasyon (progresibo, mapagpalaya, makabuluhan, napapanahon, kritikal, at makataong edukasyon), upang makamit ang ganap na pagbabago at kalayaan ng sambayanang Pilipino. At magkakaroon lamang ito ng katuparan kung gagampanan ng paaralan (bilang institusyon), ng mga mag-aaral, at mga guro (kasama na ang pamunuan ng paaralan at maging ang pamahalaan) ang kani-kanilang papel gaya ng

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
CC BY-NC-ND

ipinakita niya sa ibinungang tagumpay ng kanyang itinayong paaralan sa Talisay, Dapitan.

## Mga Sanggunian

Abaya-Ulindang, Faina C. (2003). “The Role of Education in the Progress of the Nation: An Interpretation of Rizal’s Writings.” *Rizal Day Celebrations and Annual Lectures, 2003 – 2006*. Manila: Philippine Information Agency, Department of Tourism & National Historical Institute, 65-75.

Corpuz, Carmelita C. et al. (1988). *Mga Piling Babasahin Para sa J.P. Rizal*. Manila: De La Salle University Press.

David, Randy. (1988). “Ang Wika Bilang Instrumento ng Pambansang Pagpapalaya.” *Diliman Review* Vol. 36 No. 4, 3-4. Matutunghayan din sa *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Espesyal na Isyu. No. 1, 2015, 98-101.

Gotiangco, Jr. II Prof. Gil G. (2001). “Jose Rizal: Ang Kanyang Patuloy na Kabuluhan sa Lipunang Pilipino.” *105th Anniversary of the Martyrdom of Dr. Jose Rizal, December 30, 2001*. Manila: 2001 Rizal Day National Committee, Philippine Information Agency, 20-25.

Hessel, Eugene A. (1983). *The Religious Thought of Jose Rizal*. Quezon City: New Day Publishers.

Osias, Camilo. (1921). *Rizal and Education*. Manila: Mission Press.

Quibuyen, Floro. (2011). “Rizal’s Legacy for the 21st Century: Progressive Education, Social Entrepreneurship and Community Development in Dapitan.” *Social Science Diliman* (December) 7:2, 1-29.

Rivera, Crisanto C. et al. (2002). *Rizal: Ang Bayani at Guro*. Ikaapat na Pagkakalimbag. Las Piñas City: M & L Licudine Enterprises.

Rizal, Jose. (1961). *Dr. Jose Rizal – Fr. Pablo Pastells Religious Controversy*. Quezon City: R. Martinez & Sons.

Rizal, Jose. (1891). *El Filibusterismo*. Salin sa Filipino ni Maria Odulio de Guzman (1960). Manila: National Book Store.

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/

CC BY-NC-ND

Rizal, Jose. (1891). *El Filibusterismo*. Salin sa Filipino ni Virgilio S. Almario (2011). Lungsod Quezon: Ibong Adarna House.

Rizal, Jose. (1887). *Noli Me Tangere*. Salin ni Leon Ma. Guerrero (1995). Manila: Guerrero Publishing.

Rizal, Jose. (1887). *Noli Me Tangere*. Salin nina Alita I. Tepace, PhD., Roderick L. Torres, at Zenaida S. Badua. (2011). Quezon City: Vibal Publishing House, Inc.

Rizal, Jose. (1890). "Sucesos de las Islas Filipinas por el Doctor Antonio de Morga." Translated. Rizal, Jose. (2008). *Events in the Philippine Islands by Dr. Antonio de Morga*. Manila: National Historical Institute.

Rizal, Jose. (1992). "The Town Schools in the Philippines." *Miscellaneous Writings of Dr. Jose Rizal*. Manila: National Historical Institute.

Roman, Jr. Guillermo Q. et al. (2014). "Pilosopiyang Pang-edukasyong ni Rizal: Isang Pilosopiyang Pilipino sa Edukasyon." *The Normal Lights*, 8:2, 93-112.

Romero, Ma. Corona S. (1978). *Si Rizal at ang Paglinang ng Kamalayang Pilipino*. Quezon City: JMC Press. Sturtevant, David R. (1976). *Popular Uprisings in the Philippines, 1840-1940*. Ithaca & London: Cornell University Press.

Zaide, Gregorio F. at Sonia M. Zaide. (1997). *Jose Rizal: Buhay, mga Ginawa at mga Sinulat ng Isang Henyo, Manunulat, Siyentipiko, at Pambansang Bayani*. Quezon City: All-Nations Publishing Co., Inc.

© 2021 Palmo R. Iya, PhD
https://journal.evsu.edu.ph/index.php/
BY-NC-ND